# Ang Iyong Kalusugan at Trabaho

## MGA DAPAT TANDAANG IMPORMASYON NG MGA MANGGAGAWA

### Ano ang nararapat gawin ng manggagawa kapag siya ay nakakaranas ng lagnat o ano mang sintomas?

Kapag siya ay nakakaranas ng ubo, lagnat o hirap sa paghinga, nararapat lang na sila ay dumistansya muna sa ibang tao at agad na ipaalam ang kanyang kalagayan sa COVID-19 hotline **16000** ng Qatar.

Kapag may emergency, ang manggagawa ay dapat tumawag sa numerong **999** para sa ambulansya.

### Ano ang nararapat gawin ng manggagawa kapag siya ay walang health card?

Sa kalagitnaan ng krisis ngayon, ang pagkakaroon ng health card o QID ay hindi na kinakailangan para ma-test at makatanggap ng serbisyong pangkalusugan. Ang serbisyong ito ay ibinibigay ng libre ng pamahalaan.

### Kailan masasabing kailangan ng manggagawa na mag self-isolation?

Ang manggagawa ay dapat mag self-isolation at tumawag sa COVID-19 hotline **16000** kapag siya ay:

- Nagpapakita ng sintomas ng COVID-19, katulad ng ubo, lagnat or hirap sa paghinga.
- Nagkaroon ng kontak sa taong nag positibo sa COVID-19, kahit hindi pa siya nakikitaan ng mga sintomas noong mga panahon na magkaroon sila ng kontak.
- Nanggaling sa mga bansang laganap ang infection.

Para sa karagdagan kaalaman, maaring kumunsulta sa Ministry of Public Health website www.moph.gov.qa/

### Kailan mailalagay sa isolation ang isang mangagawa?

Maaaring ilagay ng otoridad sa isolation ang isang manggagawa, habang hinihintay ang resulta ng kanyang test. Ito ay dahil nakitaan siya ng mga sintomas ng COVID-19 o napatunayang nagkaroon siya ng kontak sa mga taong nag positibo sa COVID-19).

### Ano ang mangyayari sa mga manggagawang nagpositibo sa COVID-19?

Ang mga mangagawang nagpositibo sa COVID-19 ay ilalagay o pamamalagiin sa quarantine centers sa Mukainis area. At doon ay bibigyan siya ng libre at sapat na medikal na serbisyo, pagkain at libreng tirahan.

### Sino ang responsible para sa quarantine at treatment ng mga manggagawa?

Isang specialized medical team ng Ministry of Public Health na nasa ilalim ng superbisyon ng Supreme Committee for Crisis Management ang responsable sa treatment ng mga manggagawang inilalagay sa quarantine. Hindi ang employer ang responsible para sa quarantine at treatment ng mga manggagawa.

### Makakatanggap pa rin ba ng treatment ang mga mangggagawa na walang balidong QID?

Oo, makakatanggap ang lahat ng mga manggagawa ng sapat at libreng pagpapagamot o serbisyong pangkalusugan meron o wala man silang balidong QID.

### Makakatanggap pa rin ba ng sahod ang mga manggagawa na nasa isolation, quarantine o nagpapagamot?

Oo, lahat ng mga manggagawang naka isolate, nasa quarantine o nagpapagamot ay makakatanggap pa rin ng kanilang basic pay at allowances, meron o wala man silang sick leave benefits.

## Ang manggagawa ba na nagtatrabaho sa mga sektor na sumunod sa mga tagubilin o kautusan ng gobyerno na itigil ang kanilang mga serbisyo o operasyon ay makakatanggap pa rin ba ng kanilang basic pay at allowances, tulad ng food at accommodation allowances?

Oo, tatanggap pa rin ang lahat ng manggagawa ng kanilang basic pay at allowances, tulad ng pagkain at tirahanfood at accommodation allowances mula sa kanilang employer.

## Maaari bang mapawalang bisa o ma-terminate ang mga kontrata ng mga manggagawa dahil sa krisis?

May karapatan ang iyong employer na ipawalang-bisa o i-terminate ang employment contract. Ngunit dapat ito ay dapat isagawa ito ng naaayon sa batas paggawa o Labor Law ng Qatar, katulad halimbawa ng pagsunod sa notice period at pagtitiyak na ang lahat ng mga karampatang bayarin sa manggagawa ay nabayaran, pati na ticket sa eroplano pauwi sa bansa ng manggagawa.

## Maaari bang humiling ang kumpanya sa mga manggagawa na gamitin nila ang kanilang annual leave o kaya ay mag-leave without pay sa mga araw na hindi sila nakapagtrabaho dahil na reduced operation ng kumpanya?

Importante sa panahong ito na magtulungan ang mga manggagawa at kanilang employer upang mapagaan ang perwisyo ng krisis sa parehong partido. Parehong hinahangad dapat ng employer at manggagawa na hindi malugi at magsara ang kumpanya at tuloy ang hanapbuhay ng mga manggagawa. Kung gayon, ang mga maggagawa at employer ay maaaring magkasundo na ang mga manggagawa na gamitin nila ang kanilang annual leave o kaya ay mag-leave without pay sa mga araw na hindi sila nakapagtrabaho o dahil sa reduced operation ng kompanya.. Gayunpaman, kailangan na patuloy pa ring bayaran ang mga manggagawa ng kanyang employer ang lahat ng mga benepisyo tulad ng accommodation and food allowances.

## Sa panahon ng krisis na ito, kung ang manggagawa ay nasa labas ng bansa at hindi makabalik dito, paano ito makakaapekto sa kanilang employment status?

Sa ganitong kalagayan, nararapat na mag-usap ang manggagawa at kanyang employer ukol sa employment conditions at mga benefits. Ang manggagawa ay may karapatang tanggihan ang anumang pagbabago sa kanyang employment contract. Kung hahantong sa termination of employment, ito ay dapat isagawa nang naaayon sa mga tuntunin ng batas paggawa o Labor Law ng Qatar, katulad halimbawa ng pagsunod sa notice period at pagtitiyak ng settlement ng lahat ng mga nakabinbin na bayarin sa mga manggagawa,

## Ang mga Visa at QIDs ba ay awtomatikong mae-extend sa panahong ito na limitado ang serbisyo ng gobyerno?

Upang i-extend ang mga visa (o upang malaman ang status nito) sundan ang link na ito:
https://portal.moi.gov.qa/visitvisaextension

Upang i-extend ang mga QID (o upang malaman ang status nito) mangyaring gamitin ang **Metrash2** app.

Mangyaring sumangguni sa website ng Ministry of Interior para sa mga up to date na impormasyon.

## Aplikable ba ang mga employment conditions na nakasaad sa itaas para sa mga domestic workers?

Oo, ang ang lahat ng impormasyon sa itaas ay pantay na aplikable para sa mga domestic workers.

## Kapag ang mga manggagawa ay may reklamo o problema tungkol sa kanilang trabaho o accommodation sa panahong ito, ano ang magagawa nila?

Ang mga manggagawa ay dapat tumawag at makipag-ugnayan sa Ministry of Administrative Development, Labour and Social Affairs sa numerong **16008** o sa pamamagitan ng email sa info@adlsa.gov.qa